

ANG

PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
PINAPATNIBAYAN NG
MARXISMO — LENINISMO — KAISIPANG MAO ZEDONG



Tomo XII Bilang 16

Agosto 31, 1980

NGA NILALAMAN

MAPAKALAYO SA IGINTIT NA P35 MINIMUM
ANG PASAHOD NA ITINAKDA NG DIKTADOR p. 1

SAGOT SA PAGTAAS NG PREYO NG GASOLINA:
INGAY, MGA KILOS IGUP SA MAYNILA-RIJAL p. 4

BAHAGI ANG PAMBOSONG SA MAYNILA
NG PLANONG PATAGALIN ANG BATAS MILITAR p. 8

IBINALITA NG NDY ANG P/PLANAR NG HANAY;
MULING INILABAS ANG 10-PLANT NG PROGRAM p. 9

MAGRALI ANG MABAP KAIPON AT BONTOD
LABAN SA PROYEKTONG PAN NG DIKTADORA p. 11

'TAMBAHI': MABONG PARASAHIN
NG SAMBAYANANG PILIPINO p. 13

NAPAKALAYO SA IGINIIT NA P33 MINIMUM
ANG PASAHOD NA ITINAAG NA DIKTADOR

Tatlongpu't tatlong piso ang iginiit na arawang minimum na sahod ng mga manggagawa; tatlong piso lamang ang dagdag na ibinalibag ng diktadura, kalakhan nito'y alawans pa na madaling ipagkait ng kapitalista.

Sa Dekreto ng Pangulo (Presidential Decree o PD) Blg. 1713, itinaas ng piso ang minimum na sahod at dinagdagan ng P2 ang alawans, partikular ang para sa gastos ng pamumuhay (cost of living allowance o COLA).

Ang tinatawag na "effective pay" ("pektibong bayad") para sa mga manggagawa sa Metro Manila ay naging P29.38 na. Sa mga manggagawa sa agrikulturang di-pamplantasyon, ito ay P18.90 na. May P22.45 namang matatanggap ang mga manggagawa sa mga plantasyon.

Ang anumang karagdagang sahod o alawans na nakuha ng mga manggagawa sa mga kasunduan sa kolektibong pagtatawaran (CBA) mula nitong Hulyo ay ibibilang ding bahagi na ng bagong dagdag.

Nagkumaring nagmamalasakit

Bauna rito, mula nang itinaas ang presyo ng gasolina at tumindi ang pagtutol dito ng mamamayan, nagkumaring alalang-alala sa kahihinatnan ng mamamayan ang malolokong diktador na si Marcos.

Kinundasyon din ang publiko na desahang bababa ang implasyon. Sa madali't sabi'y ipinahiwatig na maliit lamang ang itatnas sa mga presyo kayat masaring maliit din daw ang maging dagdag na sahod.

Ngunit ang mga ito'y higit lamang sa nakapag-paalal sa militanteng paggigili ng mga manggagawa sa P33 minimum na sahod. Sa katunayan, pati ang mga di militanteng organisasyon ay nahatak na makiusap sa mga sulong na organisasyon ng mga manggagawa sa makatarungang wastong hinihinging ito.

Walang nangyari sa pulong ng tripartite conference ang tinag-iang kapulungan para arog'ihin ang mga di pagkakasundo sa relasyong manggagawa-kapitalista sa "tulong" ng reaksyonaryong gobyerno. Napagpasyahan na ang bagong sahod bago pa man maidade ang pulong. Kayat idinikta sa lamang ng pasistang Marcos ang PD Blg. 1713 nang di magkasundo ang kapulungan.

At ganito nga ang tinaguriang "effective pay" para sa mga manggagawa ng Metro Manila:

<u>Ayon sa dating batas</u>	<u>Ayon sa PD Blg. 1713</u>	<u>Kasunuan</u>
P15.00 (dating minimum)	P1.00 (dagdag sa minimum)	= P14.00
P12.90 (dating COLA)	P2.00 (dagdag sa COLA)	= 14.30
ang 13th month pay na ipinailal pas rin (arawan)		= 1.08
"Effective Pay" (minimum + COLA + 13th month pay)		= P29.38

Ang bagong "effective pay", sa diyang sumang minimum na sahod, COLA at 13th month pay, ay malinaw na hindi umabot sa P33 iginigiliit ng mga manggagawa. Sa katunayan, nang itakda ng mga manggagawa ang P33, hindi pa nagaganap ang pinakababaling pagtatasa (ngayong Agosto) ng presyo ng gasolina, pagkain, pasaka at buwis, huwag nang isama pa ang pagtatasa ng presyo ng ibang bilihin at serbisyo.

Piso lamang ang dinagdagan sa minimum na sahod. Ngunit din na ito bago. Noong 1978, idinkreto na ang nakalilinsultang papiisang-papiisang dagdag sa minimum na sahod sa loob ng sumunod na tatlong taon.

**NAPAKALAYO SA IGINIIT NA P33 MINIMUM
ANG PASAHOD NA ITINAKDA NG DIKTADOR**

Tatlumpu't tatlong piso ang iginiit na arawang minimum na sahod ng mga manggagawa; tatlong piso lamang ang dagdag na ibinalibag ng diktadura, kalakhan nito'y alawans pa na madaling ipagkait ng kapitalista.

Sa Dekreto ng Pangulo (Presidential Decree o PD) Blg. 1713, itinaas ng piso ang minimum na sahod at dinagdagan ng P2 ang alawans, partikular ang para sa gastos ng pamumuhay (cost of living allowance o COLA).

Ang tinatawag na "effective pay" ("pepektibong bayad") para sa mga manggagawa sa Metro Manila ay naging P29.38 na. Sa mga manggagawa sa agrikulturang di-pamplantasyon, ito ay P18.90 na. May P22.45 namang matatanggap ang mga manggagawa sa mga plantasyon.

Ang anumang karagdagang sahod o alawans na nakuha ng mga manggagawa sa mga kasunduan sa kolektibong pagtatawaran (CBA) mula nitong Hulyo ay ibibilang ding bahagi na ng bagong dagdag.

Nagkumwaring nagmamalasakit

Nauna rito, mula nang itinaas ang presyo ng gasolina at tumindi ang pagtutol dito ng mamamayan, nagkumwaring alalang-alala sa kahirinatnan ng mamamayan ang manlolokong diktador na si Marcos.

Kinundasyon din ang publiko na desahang bababa ang implasyon. Sa madali't sabi'y ipinahiwatig na maliit lamang ang itataas sa mga presyo kayat maaaring maliit din daw ang maging dagdag sa sahod.

Ngunit ang mga ito'y higit lamang na nakapag-paalab sa militanteng paggigiit ng mga manggagawa sa P33 minimum na sahod. Sa katumayan, pati ang mga di militanteng organisasyon ay nahatak na makiusap sa mga sulong na organisasyon ng mga manggagawa sa sakatarunga't wastong hinihinging ito.

Walang nangyari sa pulong ng tripartite conference ang tinaguriang kapulungan para aregulihin ang mga di pagkakasundo sa relasyong manggagawa-kapitalista sa "tulong" ng reaksyonaryong gobyerno. Napagpasyahan na ang bagong sahod bago pa man maidao ang pulong. Kayat idinikta na lamang ng pasistang Marcos ang PD Blg. 1713 nang di magkasundo ang kapulungan.

At ganito nga ang tinaguriang "effective pay" para sa mga manggagawa ng Metro Manila:

<u>Ayon sa dating batas</u>	<u>Ayon sa PD Blg. 1713</u>	<u>Kabuuan</u>
P13.00 (dating minimum)	P1.00 (dagdag sa minimum)	= P14.00
P12.30 (dating COLA)	P2.00 (dagdag sa COLA)	= 14.30
ang <u>13th month pay</u> na ipinailalab pa rin (arawan)		= 1.08
"Effective Pay" (minimum + COLA + 13th month pay)		= P29.38

Ang bagong "effective pay", na siyang suma ng minimum na sahod, COLA at 13th month pay, ay malinaw na hindi umabot sa P33 iginigiit ng mga manggagawa. Sa katumayan, nang itakda ng mga manggagawa ang P33, hindi pa nagaganap ang pinakahuling pagtataas (ngayong Agosto) ng presyo ng gasolina, pagkain, pasahé at buwis, huwag nang isama pa ang pagtataas ng presyo ng ibang bilinghin at serbisyo.

Piso lamang ang dinagdagan sa minimum na sahod. Ngunit din na ito bago. Noong 1978, idinekreto na ang nakaiinsultong papiesu-piesong dagdag sa minimum na sahod sa loob ng susunod na tatlong taon.

Ano itong "effective pay"

Mapanlilalang ang tinatawag na "effective pay". Mapapansing mahigit kalahati ng "effective pay" ay binubuo ng alawans. Kayat isinasantabi nito ang usapin ng batayang sahod (basic pay) na nakapako sa napakababang minimum (P14). Sa katunayan, iginigili ng mga manggagawa na gawing P33 ang minimum kahit wala nang alawans.

Higit na nagdiin ang diktador sa pagtataas sa alawans kayon sa sahod. Limitado kasi sa mga regular na awelduhan ang saklaw nito.

Paiba-iba pa ang kabuuang laki ng alawans batay sa iba't ibang baytang ng sahod (wage bracket). Nag-iiba-iba rin ang laki nito buwan-buwan sa bawat sumasahod dahil sa iba't ibang pagmamaniobra ng mga kapitalista upang higit na mabawasan ito.

Sa partikular, ang makatatanggap lang ng dagdag na alawans, ayon sa PD Blg. 1713, ay ang mga regular na manggagawang sumasahod ng P1,500 o mas mababa pa. Kayat labas na rito ang sumasahod nang mas mataas at ang mga di regular ang sahod gaya ng mga nasa pakyawan o por piraso, at mga kaswal.

Pangalawa, nadadaya ang kabuuang matatanggap ng mga manggagawa dahil ang kwentahan ng bayad sa obertayn, sa pagtatrabaho nang pista opisyal o gabi, sa pagkakatanggal, sa pagreretiro at sa iba pang tinatawag na benepisyo ay kinukwenta batay sa batayang sahod at hindi sa "effective pay". Kung gayon, di talaga makabuluhang naderagdagan ang kabuuang kita nila.

Makagagawa na ng iba't ibang dahilan ang mga kapitalista upang higit na makaltasan ang mga alawans, pay, at iba pang benepisyo habang palalakihin naman ang singil sa SSS, Medicare, kung anu-anong kontribusyon o espesyal na pondong pantangan, at iba pang koleksyon.

Pangatlo, sa pagtatago ng tunay na katayuan ng kompanya, sarani ang nakaiwas sa pagsunod sa dekreto sa pasahod. Sa mga huwad na papeles na nagdedeklarang "papalugi" ang mga kompanya, malilibre rin ang mga kapitalista. Hindi rin kasali ang mga industriya o negosyong bagong-tatag o pang-eksport o kahit irehistrong may peligrang "malugi".

Ngunit karamihan sa mga kapitalista ay di na nag-aabalang magpalunot; lantarang lumalabag na sila sa maraming reaksyonaryong batas nila. Nitong taong ito lamang, sa sinurbey na 7,497 kompanya ng Labor Statistics Services, halos kalahati ang tahasang lumabag sa pamamahala sa paggawa. Karamihan ng mga kaso ay ukol sa paglabag sa mga batas sa pasahod.

Inamin mismo ng Ministri ng Paggawa at Pag-empleso (Ministry of Labor ang Employment o MOLE) na may 10 porsyento lamang ng mga kapitalista sa buong bayan ang sumusunod sa batas na minimum na pasahod. At, sa taon ding ito, may 73 porsyento ng mga manggagawa ang tumatanggap lamang nang mas mababa sa "effective pay".

Sa kabuuang bilang naman ng 1.5 milyong manggagawa sa agrikultura, 750,000 ang di tumatanggap ng minimum na lamang na sahod!

Maraming salamangka ang ginagawa ng mga kapitalista upang paliitin nang paliitin ang alawans o alisin ito nang tuluyan.

Kaya naman, hindi sa mga nakasasapat ang "effective pay", sa karamihan pa ng kaso'y nananatili lang ito sa papel.

Tunay na halaga--kakayahang bumili

Tumas nga ang sahod sa mga manggagawa kung ang titingnan lamang ay ang mga numerong nakasulat sa perang tinatanggap nila. Sa biglang tingin nga ay masasabing mas mataas ang P29.38 "effective pay" o kahit ang P14 na minimum na sahod, kung ikukumpara sa P3 minimum na tinatanggap ng mga manggagawa noong 1972.

Ngunit kung susuriin nang malalim, batay sa uga datos mula sa Ibon, mga arawang pahayagan at opisyal na mga istatistika ng gobyerno, lumiit pa ang halaga ng tinatanggap ng mga manggagawa. Di lamang kasi ito usapin ng laki ng kini-kita, kundi usapin din ito ng kakayahang makabili--o tunay na halaga--ng kita.

Kung ikukumpara sa piso noong 1972, ang bawat pisong nakapaloob sa sahod ngayon ng mga manggagawa ay 37 sentimos na lamang ang tunay na halaga. Ang mabibili ng 37 sentimos noong 1972 ay kailangang bilhin na ng piso ngayon, dahil nga sa itinaas ng presyo ng lahat ng bilingin sa ilalim ng pasistang diktadura.

Kayat ang P13 minimum na sahod noong Pebrero 1980 ay may tunay na halaga lamang na P4.81.

Ipinapakita ng sumusunod na talaan ang pagliit ng kakayahang bumili o tunay na halaga ng minimum na sahod mula 1972 hanggang Pebrero 1980:

Taon	Minimum na sahod ayon sa nakasulat sa pera (<u>money wage</u>)	Tunay na halaga ng minimum na sahod ayon sa mabibili (<u>real minimum wage</u>)
1972	P 8.00	P 8.00
1973	8.00	7.02
1974	8.00	5.26
1975	8.00	4.86
1976	10.00	4.57
1977	10.00	5.30
1978	11.00	4.93
1979	13.00	4.56
Feb '80	13.00	4.81

Ang "effective pay" naman ay P26.38 na nitong nakaraang Pebrero. Ngunit dahil nga sa pagliit ng halaga ng piso mula 1972, ang tunay na halaga nito (real "effective pay") ay P9.76 lamang. Ibig sabihin, ang kayang bilhin ng P26.38 ay katumbas sa mabibili ng P9.76 lamang noong 1972. Sinimulan na nga ng mga manggagawa na tawagin itong ineffective pay (di epektibong bayad).

Napakaliit kung gayon ng karagdagan P3 kung titinahan ang kayang bilhin nito ngayon.

Maliit ang naging pagtaas ng sahod samang anggulo suriin ito. Ang tunay na halaga ng kinikita ng manggagawa ay sadyang di nakasabot sa pagtaas ng gastos sa pamumuhay.

Lalala pa ang kahirapan

Upang makaagapay sa itinaas ng presyo noon pang Pebrero, kailangang kumita ng P34.11 ang tatlo-kataong pamilya ng manggagawang di agrikultural upang makakain nang sapat. Para sa lahat ng pangangailangan nila, kailangan naman ang kitang P63.32. Hindi man abot-tanaw ang dinekretong P29.38 sa gastos sa pamumuhay ngayon!

Dagdag pa, karaniwang isa o dalawa lamang sa isang pamilya ang kinikita. Sa kabuuang bilang ng mga pamilyang binubuhay ng mga swelduhan, 43 porayento ang umasa lamang sa sahod ng isang trabahador. May 33 porayento ang binubuhay ng dalawang swelduhan. Ibig sabihin, karanihan ng mga pamilyang ito ay umasa lamang sa sahod ng isa o dalawang nagtatrabaho.

Sasakatwid, ang P33 iginigiit ang tanging masahan ng malaki-laking bilang ng pamilya sa Pilipinas.

Ngunit habang pinagmamayabang pa ng diktador na sa anatiling isa sa pinakamababang magpasahod ang bayang Pilipinas sa buong Asya-Pasipiko, at higit na palalakasin ang produksyon upang patuloy na makit ang mga dayuhang mamumuhunan, walang ibang ibig sabihin ito kundi higit pang pagcasamantala sa masang anakpawis at patuloy na pagdaosdos patungong karukhaan ng mga panggit-nang uri.

Kitang-kita ang katotohanan. Di dahil sa pag-aalala sa kapakanan ng masang anakpawis ang dahilang pagtataas sa pasahod. Napilitan lamang si Marcos dahil sa lumalakas na pagtutol ng mamamayan sa krisis sa ekonomyang pinalalala niya.

Bagus, paulit-ulit ang pagtatambol ng diktador na kailangang isaalang-alang ang "kapayapaan ng industriya", na "di masari ang kusang pagpapayos ng pasahod ayon sa tauntang implasyon upang masantini ang balanse sa ekonomya", na "kahangalan ang humiling na ipako ang mga presyo", o "di sakatwiran ang paghiling ng dagdag sa sahod".

Kailangan ang ganitong seremonyas habang naghahanda na ang mga kapitalista bago pa man ianunsyo ang PD Blg. 1713.

May 11,420 manggagawa ang inalis sa trabaho mula Enero nitong taon. Pinakamalaking bilang, may 5,800, ang tinanggal noong Hulyo. Noong nakaraang taon, 339,989 ang inalis. At ginawa pa ito ngayong panakot upang pigilin ang mga susunod pang paggugusait ng mga manggagawa na taasan ang pasahod.

Higit na dumalas ang sapilitang obertayn, sapilitang pagpapabakasyon, rotation o relyebo upang makapagtrabaho lamang ng apat na araw sa isang linggo ang bawat manggagawa, pagdagdag ng trabaho sa mga natira (laluna sa mga skilled o may kasanayan), pagdagdag ng kaswal, kontraktwal o aprentis, at kung ano-ano pang paraan sa pagtitipid sa paggawa.

Tinitiyak pa ng diktador ang dagdag na tulong sa mga kapitalista. Patuloy na pararamihin ang sabiliang pautang na pangmatagalan ang bayaran, ang mga tulong na salapi, insentiba sa buwis, suportang teknikal at iba pang tulong.

Sadyang palala nang palala ang matinding krisis pang-ekonomya sa Pilipinas. Malapit nang madamag muli ang kasalatan sa mahahalagang produkto at ang sabibigat na pasaning buwis habang higit na bahagibis ang akyatan ng mga presyo at lalaki pa ang kalugihan sa balanse ng bayaran at kalakalan.

Sa ganitong kalagayan, anumang kakarampot na dagdag sa sahod ay tiyak na di makasasapat. Patuloy na bahagupit sa masang anakpawis ang kahirapan, sakit at gutom bilang tuwirang salamina ng nabubulok na sistemang mala-lonyal at mala-pyudal.

Ngunit lalo pang iihanda ng karukhaan at lumalalang krisis sa ekonomya ang mamamayang Pilipino upang yakapin ang pambansa-demokratikong rebolusyon.

Humihiagpit ang pagpapal nila sa usapin ng di mapagkakasundong interes ng mga uuring sinasamantala at ng mga nagsasamantala. Huhubaran ng kanilang pampulitikang kasalatan ang mga mapanlinlang na pakana ng pasistang rehimen.

* * *

SAGOT SA PAGTAAS NG PRESYO NG GASOLINA: INGAY, MGA KILO-IGLAP SA MAYNILA-RIZAL

Sa simula'y nagulat ang ibang taong naroon nang biglang magpapatok ng kwitis ang mga sulat na mamamayan ng baryo Obrero sa Caloccan, Metro Manila, at kalantugin nila nang malakas ang mga kaldero, hatya, lata, yero at anumang mahagilap nilang pampaingay noong Agosto 3, bandang alas-8 ng gabi.

Ngunit masigla nilang tinanggap ang mga polyetong ipinamahagi ng mga aktibista at nakilisa sa pag-iingay nang malaman nilang protesta ito sa pinakahuling pagtataas sa mga presyo ng gasolina at iba pang produktong langis.

Sa katunayan, ang taganap noon sa baryo Obrero ay isa lamang sa maraming sabay-sabay at nagka-sunod na mga aksyong masang inilunsad sa Maynila-Rizal mula nang gabing iyon hanggang kinabukasan, Agosto 4. Inilulat ito noong Agosto 10 ng Taliba ng Bayan, rebolusyonaryong pahayagan sa rehiyon, at ng pang-Agosto 9 labas ng Balita ng Malayang Pilipinas (BMP), ahensyang pambalitaan ng kilusan.

Binigla ng diktador na si Marcos ang pag-saanunayo ng 14.1 pora, entong pagtataas sa presyo ng mga produktong langis (Agosto 2) at itinaon sa araw ng Linggo ang pagpapairal ng pagtasa (Agosto 3) sa tangkang guluhin ang pamprotestang pag-iingay (noise barrage) at iba pang aksyong masang nakatakda sa gabi ng pagtasa ng presyo.

Sa kabila nito, at ng pagtatalaga niya ng mga pasistang sundalo sa mga lugar na inaasahang pagdarausan ng mga aksyong protesta, di kukulangin sa 3,500 mamamayan ang nakapagdaos ng mga martsa, raling iglap, pulong bayan at pag-iingay sa 19 na komunidad ng manggagawa at maralita ng lunsod, isang komunidad ng unibersidad at dalawang mataong lugar-publiko sa rehiyon noong Agosto 3.

Sa baryo Obrero, halimbawa, tatlong oras na nagmartsa ang humigit-kumulang sa 400 tao at umikut-ikot sa mga kalye at iskinita ng komunidad, at sa ilang bahagi ng Rizal Avenue Extension na hangganan ng baryo.

Dumagundong sa sabay-sabay na sigaw ng mga islogan ang mga dinaanan nila. "Tutulan ang pagtasa ng presyo ng langis!" "Sahod, itaas! Presyo, ibaba!" "Imperyalismo, ibagsak!" "Pyudalismo, ibagsak!" "Burukratang kapitalismo, ibagsak!" Kaliwa't kanang namahagi ng mga polyeto ang mga aktibista sa mga taong nanood at nakinig sa kanila.

Malakas ding nag-iingay ang masa sa komunidad para ipakita ang kanilang pagtutol sa diktadurang E.U.-Marcos, at mainit na pumalakpak bilang suporta sa dumaraang martsa sa tapat ng kanilang mga bahay.

Pagkabalik na pagkabalik ng martsa sa pinagsulan nito, dumating ang isang sasakyan ng mga pulis. Nagdenisayong maghiwa-hiwalay ang mga nagmartsa--isa-isa silang nangawala sa dilis ng mga kalye't iskinita habang ang mga aktibistang di pa kabisado ang mga pasikut-sikot sa lugar ay giniyahan ng mga tagaparoon para ligtas na makalabas ng komunidad.

Pagsang-ayon ng mamamayan

Sabay-sabay na palakpak at pagsigaw ng islogan naman ang ginawa ng may 100 aktibista at iba pang mamamayan sa Balic-Balic, Sampaloc, Maynila, nang mahudyat ang ganap na alas otso. Nagpasundod sila ng mga polyeto sa mga naglalakad, sa mga namamasada ng dyipni, at sa mga nagsidungawan sa bintana't nageilabasan sa mga pintuan.

"Okey 'yan! Tama 'yan," ang pahayag ng pagsang-ayon ng mga nakaalam ng dahilan ng kanilang pagkilos. Lirang kwitis ang sunud-sunod na pinaputok ng mga aktibista sa gitna ng pagsang-ayon ng masa. Nagsimula silang nagmartsa habang lumakas ang pagsigaw ng mga islogan at pag-iingay gawa ng paglahok ng mga batang sumama sa pagkilos.

Isa sa mga kasama ang pumwesto sa gitna ng pulutong at naglinaw na ang kahirapan ng mamamayan ay likha ng imperyalismong E.U. at pinalalala ng rehimeng Marcos. Nagmartsa silang muli, at nang suling huminto, binasa naman ng isa pang aktibista ang ilang bahagi ng isang bukas na liham na bumabatikos sa pagtataas sa presyo ng langis.

Sa bahaging Pandacan naman, sa ayudad pa rin ng Maynila, nagdaos ng martsa-rali ang umabot sa 600 mamamayan sa gitna ng palakas na pag-iingay ng masa. Nagmartsa sila patungo sa kalapit na Paco. Sa ruta ay nakapagdaos sila ng dalawang pulong bayan.

Nagkaroon din ng maraming kasabay na pagkilos sa iba pang bahagi ng rehiyon:

Martesa ng 300 tao at pag-iingay ng mas marami pa, sa baryo Rosario, Pasig; isang oras na martesa (300 tao) sa komunidad ng Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman, Lunsod ng Quezon;

Martsang kumpleto pa sa istrimer at plakard (300 pa rin) kasabay ng pag-iingay ng masa sa mga bayan ng Taytay, Angono at Binangonan sa probinsyang Rizal; martesa ng 300 sa buong komunidad ng Malibay, Pasay; barikadang may istrimer at 20-minutong raling iglap sa kalyeng C.M. Recto sa pusod ng Maynila (150 kabataan at estudyante);

Tatlong hiwa-hiwalay na martesa (130 ang kabuuang lumahok) sa Sta. Ana, Malate at Singalong sa Maynila; isang 15-minutong raling iglap ng 130 kabataan at estudyante sa mataong Cubao, Lunsod ng Quezon; martesa ng 100 mamamayan sa Sta. Mesa, Maynila; martesa rin ng 90 tao sa baryo Hulo, Mandalayong; raling iglap ng 75 tao sa Bagong Baryo, Caloocan;

Pagtitipon at pag-iingay ng 60 mamamayan sa gitna ng kalye sa San Dionisio, Parañaque na tumagal ng limang minuto; martesa ng 20 mamamayang may dalang plakard sa Tangos-North Bay, Navotas; at dalawang magkahiwalay na raling iglap sa baryo Magsaysay at Magsaysay Village, sa Tondo, Maynila.

Nagsilabasan, pag-iingay ang masa

Hindi kasama sa 3,500 kabuuang lumahok sa mga martesa't rali noong Agosto 3 ang ilang libo pang mamamayang nagpakita ng kanilang pakikilala sa protesta sa pamamagitan ng pag-iingay, paglabas sa kanilang mga bahay, pag-aabot ng sari-saring klase ng tulong sa mga nagpoprotesta, gaya ng pamamahagi ng polyeto, pagbibigay-babala sa pagdating ng mga pasista, at pagtatago at paggigiya sa mga aktibistang tinutugis ng mga ito.

Sa maraming kalsada ng rehiyon, hindi ilang tauper ng dyipni, minibus at iba pang sasakyan ang bumusina nang bumusina, sa paraang malinaw na nagpapakita ng pagtugon nila sa panawagang noise barrage. Humalo ang salakas at panay-panay na pagbubusina sa ingay ng pagkakalantog ng masa sa kanilang mga kaldero batya at iba pa, at sa pagsisigawan ng islogan sa mga martesa at rali ng iglap.

Kinabukasan, Agosto 4, maraming tauper pa rin ang kumang hindi bumyahe. Ilang ruta ang kapansin-pansing kinulang ng sasakyan laluna sa bahang tanghali at hapon.

Ilang grupo ng militanteng tauper at mga kapanalig nilang manggagawa, estudyante at iba pang mamamayan (may 600 lahat-lahat) ang mapangahas na nagdaos ng mga raling iglap na nagsilbi ring mga panandaliang barikada sa dalawa sa pinakamahalagang kalsada sa rehiyon.

Ang isa ay ginanap sa Rizal Ave. Ext. sa may hangganan ng Maynila at Caloocan, at ang isa pa ay sa España, malapit sa sentro ng Maynila.

Naging daluyan ng protesta ang mga aksyong ito na epaktibong nakasabot sa di mabilang na tauper at pasaherong nakasaksi o nakabalita sa mga raling iglap.

Gumamit ng mga istrimer at plakard ang mga nagbarikada. Kinausap nila ang mga tauper, kundoktor at pasahero tungkol sa iayu at kung bakit pinatitigil ang trapiko. Tatlong bus ng Metro Manila Transit na pag-aari ng diktadura ang pinlat ang mga gulong at kinabitan ng mga istrimer at plakard matapos iwan ng mga pasahero. Pinalakpakan ng mga nanonood ang ginawang ito.

Iisa ang naging pananaw ng masang nakasaksi sa mga ikinilos ng mga demonstrador--wasto ang ipinaglalaman, at matapang, mapangahas at disiplinado ang mga kilos. May mga nag-alok ng inumin sa mga demonstrador; mayroon namang nag-alok na ipagluto ng sakakin ang mga nagbarikada.

Nang makaabot sa mga pasistang pulis ang pagkakatatayo ng mga barikada at pagkakabara ng trapiko, kaagad silang nagpadala ng mga takod, sasakyang mobil at mga trak ng bumbero para buwagin ang mga barikada. Magsap namang naiatras ng mga lumahok ang kanilang pwersa at walang naabutan ang mga pasista.

Desperasyon at kalituhan ng kaaway

Sa kabuuan ay bigang-bigo ang mga pakana ng pasistang rehimen na pigilin ang pamamahayag ng mamamayan ng protesta sa pagtataas sa presyo ng gasolina, kahit may 20 mamamayan ang inaresto ng militar bilang mga pinagsususpetsahang lumahok sa mga pagkilos sa iba't ibang lugar.

Agosto 2 ng gabi pa lamang, matapos ngang malanunayo ng diktador ang mga pagtataas, naka-"red alert" (sukdulang pagkaalerto) na ang mga pasistang sundalo at pulis. Pumwesto sila sa mga lugar na inaasahan nilang pagdarausan ng mga pagkilos.

Kinabukasan, nag-abang sila sa mga piling komunidad at matinding nanindak lalo na sa mga pook-relokasyon sa Cavite at Laguna ng mga dating "iskwater" sa Kamaynilaan. Pinaradahan nila ang mga komunidad ng mga trak na may mga unipor-madong tropa ng pasistang Philippine Army na armado ng armalayt o karbin, at mga mobil ng pulis at Metrocom.

Gayundam, nasa kaibuturan ng pagtitigas-tigasan ng pasistang rehimen ang panghihilakbot, desperasyon at kalituhan sa harap ng militante at organisadong protesta ng mamamayan. Sa kabuuan naman kasi'y talagang takot sa nagkakaisa't nakikibakang masa ang kahit pinakasalupit na pasista.

Mapangahas at nagkakaisang pagkilos din ng masa ang bumigo sa mga pagtangka ng rehimen na salakayin ang mga lumahok sa mga pagkilos. Halimbawa, itinago ng masa sa Malibay, Pasay at Tadhong, Malabon, ang 16 na aktibistang tinutugis ng mga pasista.

Ipinahayag ng Taliba ng Bayan ang sumusunod na pagsusuri:

Pinatunayan sa mga protestang ito ng masa ang sarubdob na pagnais ng mamamayan na baguhin ang umiral na kalagayan sa kabuhay.

Isinalin ng masa sa kanilang tuwiran at di tuwirang paglahok sa mga akayong protesta ang tunay na nadarama nila sa kahalitang patuloy pang pinalalala ng diktadurang E.U.-Marcos.

Katapat naman ng makatarungang pagpapahayag ng masa sa kanilang protesta, muling lumitaw ang tunay na anyo ng reaksyonaryong estado. Kabangisan ang tugon nito sa sumunti nang protesta ng mamamayan; kabangisang nagtuturo sa mamamayan na kailangang ibagsak ang estadong ito para ganap na matamo ang kanilang mga saligang karapatan.

Dahil makatarungan ang ipinaglalaman ng mga pagkilos, nahihikayat ang malawak na masa ng mamamayan na kapit-bisig na makibaka.

Nabuksan ang mga bagong daluyan ng protesta at propaganda, patuloy pa ng Taliba ng Bayan. Napaunlad pa ang mga dating anyo. Sa patuloy na pagsisikap ng mga aktibista na pakinabangan ang lahat ng pagkakataong makapagpropaganda sa malawak na masa, nagawa na nilang makapaglunsad ng sabayang barikada't raling iglap, martsa, operasyong pinta at pamamahagi ng polyeto.

Napasimulan na rin ang paunang pagtatakda ng mga tagapagsalita sa mga raling iglap at mga martsa. Sa hinaharap, ang mga barikada'y maari pang lakipan ng mga dagliang pangkulturang pagtatanghal.

Tunay nga, ang naganap sa maraming lugar sa Maynila-Rizal noong Agosto 3-4 ay tiyak na susundan ng maraming mas malawak at mas malakas pang pakikibaka sa rehiyong pinakabalwarte ng pasistang kaaway.

**BAHAGI ANG PAMBOMBHA SA METRO MANILA
NG PLANONG PATAGALIN ANG BATAS MILITAR**

Desididong manatili sa trono ang pasistang diktador.

Taliwas sa muli't muli niyang sinasabi, humahakbang si Marcos para patagalin pa ang kanyang batas militar at pahigpitin pa ang pagpapairal nito.

Sa talumpating binigkas sa Malakanyang noong tanghali ng Agosto 22, sa harap ng mga opiyal at tauhan ng kontrolado niyang Komisyon sa Halalan (Comelec), sinabi niyang gusto raw niyang "alisin nang labat ang mga palatandaan ng gobyernong pang-krisis". Maingay niyang sinabing alisin kaagad ang batas militar at ang suspensyon sa karulatang habeas corpus kung magtatagumpay ang kanyang mga pagaisikap.

Hindi inilinas ni Marcos kung anong pagaisikap niya ang kailangan sumang magtagumpay bago alisin ang batas militar. Lalong hindi niya binigyan ng petas o taning ang pagsasagawa nito.

Mga pagsabog, tulad noong 1972

Tatlong oras lamang matapos ang pabalat-bumang pahayag ni Marcos sa Comelec, nagsimula nang pumutok ang maliliit na bomba sa siyam na gusali sa Metro Manila.

Naganap ang mga pagsabog sa First National City Bank, Metrobank at Hongkong-Shanghai Bank, na pawang nasa municipalidad ng Makati, sa mga gusali ng Metro Manila Commission, Punbansang Awtoridad sa Pabahay (National Housing Authority o NHA), Sistema ng Seguridad-Sosyal (Social Security Syetem o SSS) at sa pamilihang Ali Mall, na pawang nasa Lungsod ng Quezon, at sa mga gusaling Philamlife at Executive Suites sa syudad naman ng Maynila.

Kahina-hinala ang mga pagsabog sapagkat itinaon sa oras ng meryenda, at ang pinaglagyan ng mga bomba ay isang guardyahan (guardhouse), dalawang kubeta, mga kisame at bodega.

Kaagad iniugnay ng radyo-telebisyon at pahayagang kontrolado ni Marcos ang mga pagsabog na ito sa talumpati ng dating senador Benigno Aquino Jr. sa Estados Unidos noong Agosto 4 at sa pakunang "Light-a-Fire" ng tercrista at klariko-pasistang grupong Gonzalez-Intengan.

Bagasat sinundan kinabukasan ng pakunang panawagan ni Hen. Fidel Ramos, hepe ng PC, na manatiling kalmado ang mamamayan, arlinaw ang tangka ng pasistang rehimen na manligalig para bigyang-dahilan ang pagpapatagil pa ng batas militar at pagpapahigpit pa ng pasistang paghahari.

Masalalang ginawa na ng pasistang pangkating Marcos ang ganitong pagpapasabog ng maliliit na bomba para bigyang-matwid ang pagdeklara ng batas militar mismo. Nagkaroon ng isang serye ng maliliit na pambomba sa rehiyong Maynila-Rizal, 16 na maliliit na pagsabog sa kabuuan, mula Marao 15 hanggang Setyembre 18, 1972. Idineklara ang paghaharing militar pagkatapos ng ganitong pagtatangkang manakot sa madla.

Kasabay ng panawagan ngayon na manatiling kalmado ang bayan sa naganap na mga pagsabog, sinabi rin ni Ramos na muli na namang lumalaki ang kriminalidad sa Pilipinas. Idiniin niyang napaliit nang husto ang kriminalidad sa pagitan ng mga taong 1972 at 1976, "sa panahon," wika niya, "na pinakamahigpit ang pagpapairal sa batas militar".

Paghigpiti pa, hindi pagluluwag

Halos kasabay ng pahayag ni Ramos, iniamunyo naman ni Ministro sa Depensa Juan Ponce Enrile ang paglikha ng 32 bagong hukumang militar bilang dagdag sa 12 dati nang nakatayo.

Tahasang kabaligtaran ng "normalisasyon" o ng sinasabing pagtungo sa pag-aalis ng batas militar ang hakbang na ito, sapagkat sa halip na bawalan unti-unti ay lalo pang pinalalaki ng rehimen ang papel ng militar sa paghuhuga sa mga kasong narapat hawakan ng mga banyagang sibilyan.

Ang Liberation ay kilalang-kilala na dito at sa ibayong-dagat bilang opisyal na tinig ng Komisyon, ang pambansang organong tumutulong sa pagbubuo ng pinakamalawak na posibleng nagkakaisang prente para ibagsak ang diktadurang E.U.-Marcos.

"Matatag na binuo sa pambansang pundasyon ng batayang aliyansa ng mga manggagawa at mag-aaka, napagsasagat ng (nagkakaisang prente) ang mga maraming patriotiko at progresibong uri, grupo at indibidwal," anang editoryal.

Bukod sa milyun-milyon na aktibong lumalahok at sumusuporta ngayon sa rebolusyong pambansa-demokratiko, umarib na rin sa malawak na prente para sa arasadong pagbabagsak sa diktadurang E.U.-Marcos ang mga grupo at indibidwal na dati'y nailigaw ng iba't ibang programang repormista," dagdag ng editoryal.

Ang muling paglalathala ng Sampung-Puntong Programa ay "lubhang napapanahon," anang Komisyon, dahil sa nalalapit na "ikawalong anibersaryo ng pagpetaw ng paghaharing militar, kung kailan nahaharap ang mamamayan sa walang-kaparis na kahirapan sa ekonomiya at matinding panunupil".

Sa pagbatikos sa huwad na nasyonalismo ng pasistang rehimen at sa pakana nitong ipatupad ang isang mapanlinlang na patakaran ng pambansang pagkakaisa at pakikipagkasundo, sinabi ng Komisyon na inuulit ang panawagan at programa nito "para muling idiin na ang anumang pagaisikap upang isulong ang pambansang pagkakaisa ay dapat sabay at walang-pagkatinag na tumugon sa pambansang usapin at demokratikong usapin".

Tinuligsa rin ng Komisyon ang "iilang nahulog sa bitag ng pakikipagkasundo at pagsuko" sa diktadura.

"Ang mungkahi ni (dating senador Benigno) Aquino para sa isang konehong tagapayo, na sasapian niya, sa katotohanan ay hindi lamang isang hakbang tungo sa pakikipagkasundo, kundi isang hakbang tungo sa pakikipagkabwatan, sa pasistang diktador," anang Komisyon.

Nagbabala ang Komisyon na maaaring patuloy na manabotsa ang imperyalismong E.U. sa rebolusyonaryong pakikibaka. Magagawa ito "sa pamamagitan ng pagsuporta, na idadaan sa iba't ibang ahente ng CIA (Sentral na Ahensya sa Paniniktik ng E.U.), sa paglitaw ng isang grupo na magpapatuloy sa pinag-iwanan ng bigong b...kadahang Intengan-Gonzales".

Magtatangka ang grupong ito na maghasik ng kalituhan sa hanay ng masa sa pamamagitan ng mahigpit na pangongopya sa pambansang demokratikong programa, habang itinutulad nito ang arasadong pakikibaka sa terorismo, babala pa ng Komisyon.

Unang iprinoklasa ng Komisyon ang Sampung-Puntong Programa sa isang manipuestong may petsang Abril 24, 1973. Pagkatapos, muli itong iginhiit noong Nobyembre 12, 1977 at muling inilathala dito at sa ibayong-dagat, nang misasalang-alang ang mahahaling pagbabago sa kalagayang pampulitika sa loob ng apat na taon mula noong 1973.

Mga tungkulin ng nagkakaisang prente

Sumusunod ang sampung punto ng programa--ang "mahihigpit na tungkulin ng pambansang nagkakaisang prente":

1. Pagkaisahin ang lahat ng pwersang anti-imperyalista at demokratiko upang ibagsak ang diktadurang E.U.-Marcos at sikaping itatag ang gobyernong koalisyon batay sa tunay na demokratikong sistema ng representasyon.

2. Ilantad at bakahin ang imperyalismong E.U. bilang utak sa pagtatayo ng pasistang diktadura, ipaglaban ang pagpapawalang-bisa sa lahat ng di pantay na tratado't kasunduan sa imperyalistang poder na ito, at ipanawagan ang nasyonalisasyon ng lahat ng ari-arian nito sa bayan.

3. Ipaglaban ang muling pagtatatag ng lahat ng demokratikong karapatang bayan, tulad ng kalayaan sa pagsasalita, pamasahayag, pagtitipon, pagsasasahan, pagkilos, pananampalataya at karapatan sa marapat na kaparaan (due process).

4. Kalapin ang lahat ng suportang pampulitika't materyal sa armadong rebolusyon at sa kilusang lihim laban sa diktadurang E.U.-Marcos.

5. Suportahan ang tunay na programa sa reforma sa lupa na ikalalaya ng masang magsasaka mula sa pagsasamantalang pyudal at mala-pyudal at patansin ang produksyon sa agrikultura sa pagsasagitan ng kooperasyon.

6. Pahasayin ang kasuhayan ng masamayan, garantyahan ang karapatang magtrabaho at pangalagaan ang pambansang kapital laban sa dayuhang monopolyong kapital.

7. Itaguyod ang kulturang pambansa, syentipiko't pangmasa at bakahin ang kulturang imperyalista, pyudal at pasista.

8. Suportahan ang mga pambansang sinorya, lalo na yaong mga masa Mindanaw at mga probinsyang bulubundukin, sa kanilang pakikibaka para sa pagpapasya-sa-sarili at demokrasya.

9. Parusahan, matapos ang hayagang paglilitis, ang mga pasimuno ng pasistang gang ni Marcos dahil sa mga krisis nila sa masamayan at kumpiskahan ang lahat ng kanilang kurakot na yaman.

10. Makipagkaisa sa lahat ng masamayang lumalaban sa imperyalismo at lahat ng reaksyon, at hingin ang kanilang suporta sa rebolusyonaryong pakikibaka sa Pilipinas.

Sa editoryal nito sa Liberation, nanawagang muli para sa tunay na pambansang pagkakaiba ang Komisyon sa Paghahanda.

Inilarawan nito ang pagkakaibang ito na "nakabase sa buong-pusong pagtanggap sa kabuuan ng Sampung-Puntong Programa".

Ang pagkakaiba ring ito ay "isang pagkakaibang may prinsipyo na nabuo sa proseso ng pakikibaka laban sa iisang kaaway" habang "hinahayaan (nito) ang independensya at inisayatiba ng lahat ng grupo at indibidwal na humikilos para i'agsak ang diktadurang E.U.-Marcos".

"Ito ang uri ng pambansang pagkakaiba na tutungo sa pambansang kalayaan at tunay na demokrasya," pagtatapos ng editoryal.

* * *

NAGRALI ANG MASANG KALINGA AT BONTOC LABAN SA PROYEKTONG DAM NG DIKTADURA

"Ibagsak ang pasistang rehimeng E.U.-Marcos!"

Ito ang usalingawngaw na sigaw ng mga masamayang Kalinga at Bontoc at ng kanilang mga tagasuporta nang idao nila ang isa sa pinakamalalaking rali sa Kordilyera sa Lup-Lupa, Tinglayan, Kalinga-Apayao noong Hulyo 19.

Kinondena ng mga nagrali ang proyektong Chico dam at nagpahayag sila ng determinasyong labanan ang buktot na balak ng pasistang rehimeng E.U.-Marcos na agawan sila ng lupa at wasakin ang kanilang kabuhayan at kultura.

Ang buong ulat sa rali ay inilabas ng Dangadang (Sandatahang Pakikibaka), rebolusyonaryong dyaryo sa Hilagang-kanlurang Luzon, sa isyu nito noong Hulyo. Naglabas ng kahawig na report ang Balita ng Malayang Pilipinas (BMP) noong Hulyo 26.

Dumalo sa rali ang 3,000 masamayan. May 50-kataong mga delegasyon mula sa bawat isa sa 30 baryo sa mga probinsyang Bontoc at Kalinga-Apayao na tiwirang apaktado ng proyektong dam.

Iainusap ng mga lunsok sa rali na kanilang paigtingin ang pakikibaka laban sa proyektong Chico dam at matatag na igigiit ang pag-aalis sa lahat ng reaksyonaryong tropa sa lambak ng Chico.

Lunsok din sa rali ang dating mga senador na sina Jose W. Dickno (tagapangulo ng Kaisahan sa Kalayaang Sibil ng Pilipinas o CLUP) at Lorenzo Tañada, mga estudyante sa Metro Manila, mga kinatawan ng mga organisasyong relihiyoso, mga dayuhang kinatawan ng Amnesty International at National Christian Council of Japan, mga dayuhang korespondent at iba pang mga simpatisador.

Bago nagtipun-tipon sa lup-lupa, nagmartas ang demonstrador mula sa baryo Bugnay na dala-dala ang mga plakard habang isinisigaw ang mga isilogang "Ibagsak ang pasistang rehimen ng E.U.-Marcos!", "Pahintuin ang 'tulong' ng IMF-WB!", "Walang dam, walang reloksasyon, walang KSDR, walang Panamin!", at "Pahintuin ang militarisasyon sa Chico valley!"

Mula alas 2:30 ng hapon, sunud-sunod na kinondena ng mga kinatawan ng iba't ibang delegasyon ang imperyalistang E.U. at ang mga lokal na naghaharing uri bilang utak ng proyektong Chico dam. Ipinaliwanag din ng bawat kinatawan at pangat (pinuno ng tribu) ng bawat baryo kung paano maapektuhan ang kani-kanilang lugar kapag maitayo ang mga pinoprojektong dam.

Ipinarinig din ang isang tape recorder na nagpapaliwanag hinggil sa proyekto at ang epekto nito sa mamamayan. Nagkantahan din ng mga rebolusyonaryong awit sa mga lenggwaheng Kalinga at Iloko.

Sinabi rin ng mga mamamayan na sa kabila ng kanilang pagsisikap ay ayaw pakikibangan ng rehimen ang kanilang panig. Sa halip, nagtalaga ang rehimen ng mga espesyal na ahensyang tulad ng Panamin at Kalinga Special Development Region (KSDR), at mga tropang militar para supilin ang oposisyon ng mamamayan.

Apat na ipinaglalaman

Sa kanilang mga talumpati, ipinahayag mula nina Diokno at Tañada ang kanilang pagsuporta sa pakikibaka ng mga Kalinga at Bontoc. Sinabi ni Diokno na makatarungan na "lutasin ang mga mamamayan upang ipagtaggol ang kanilang sarili at lupa kung nagamit nang lahat ang mga mapayapang pamamaraan".

Sa pangkalahatan, apat ang iginigiit ng mamamayang Kalinga at Bontoc upang mapamumbalik ang kapayapaan sa Chico valley:

1. Itigil ang Chico River Basin Development Project at ihinto ng mga dayuhang institusyon sa pinansya (financing institutions) at ng gobyerno ang pagsuporta sa proyekto;
2. Alisin ang lahat ng mga espesyal na yunit militar sa lugar at ihinto ang militarisasyon sa dalawang probinsya;
3. Alisin mula sa Chico valley ang National Power Corp., Panamin at KSDR; at
4. Igalang ang mga karapatan ng mamamayan na magsalita at mapakinggan, ang karapatan sa nararapat na kapareanan sa batas at ang karapatang piliin at pagpasyahan ang kanilang kinabukasan.

Ang pakikibakang anti-dam ay hindi isang hiwalay na pakikibaka ng mga Kalinga at Bontoc, anang Dangdang. Itinaas na ng mga Kalinga at Bontoc ang kanilang pakikibakang anti-dam sa antas ng paglahok at pagsuporta sa demokratikong rebolusiyong bayan laban sa imperyalismo at lokal na mga naghaharing uri.

Ipinapakita ng rali sa lup-lupa na lusilinaw na sa mga Kalinga at Bontoc at sa iba pa ang rebolusyonaryong nilalaman ng kanilang pakikibaka sa pamamagitan ng pagturol sa ugat ng kanilang problema.

Sa kabilang dako, dahil takot sa magiging epekto ng rali sa loob at labas ng Pilipinas, nagkaroon ng tipikal na mapanupil at tarantang reaksyon ang dikadura. Sa utos ni Marcos, ipinagbawal ni Ministro sa Depensa Juan Ponce Enrile ang pagpasok ng sinuwang dayuhan sa lugar ng mga dam sa Kalinga-Apayao, at ang ibinigay na katawa-tawang dahilan ay ang "pag-aalala" ng rehimen sa kanilang kaligtasan.

Ang mamamayang Kalinga at Bontoc ay patuloy na mapapanday sa rebolusyon sa pamamagitan ng mga pakikibakang masa tulad ng rali sa lup-lupa. Sa ganitong mga pakikibakang masa, nabubuo ang pinakamalawak na baseng masa na sumusuporta sa armadong pakikibaka sa kabundukang Kordilyera at sa buong bayan.

Hindi lubusang inilaban ng mamasyang Kalinga at Bontoc ang katuparan ng apat na ipinaglalaman nila sa pamamagitan ng mapayapang pakikipag-usap sa pasistang rehimen. Dahil nakita na talagang di sapat ang mapayapang paghihiwalay, pinagpasyahan na nila sa katin ang ganap na katuparan ng mga ito sa armdong pakikibakang matatag nilang isinasagawa at itinataguyod sa mga bahaging ito ng Pilipinas.

* * *

'TAMBANG!': BAGONG BABASAHIN NG SAMBAYANANG PILIPINO

May bagong babasahing komiks ang masang Pilipino. Ito ang Tambang!, isinalarawang kwento tungkol sa isang matagumpay na taktikal na opensibang militar ng Bagong Hukbong Bayan laban sa pasistang tropang militar ng diktadurang E.U.-Marcos.

Binubuo ng 44 na kwadro at teksto, nakabatay ang Tambang! sa isang malaking aksyong militar ng HKB sa Dinalupihan, Bataan noong 1977. Pinatitingkad ng partikularidad na ito ng kwento ang pagiging ordinaryo ng mga pangyayaring paulit-ulit na nagaganap sa lahat ng rehiyon ng bayan kung saan buong-husay na kumikilos ang Bagong Hukbong Bayan, milisyang bayan at rebolusyonaryong organisasyong masa.

Sa kasalukuyang yugto ng pambansa-demokratikong rebolusyon, isa ang tambang sa pinakamaasahang mga porma ng paglaban para sa siguradong tagumpay at mapagkukunan ng armas para sa mga Pulang mandirigma at masa.

Inilalarawan ng Tambang! ang pagkamuhi ng sambayanang Pilipino sa mapang-aping tropang militar ng diktadurang E.U.-Marcos at ang pagtitiwala ng masa sa Bagong Hukbong Bayan bilang kanilang sariling hukbo.

Sa kongkreto, ipinakikita ang pagtulong at kabayanihan ng masa para sa tagumpay ng isang rebolusyonaryong aksyong militar bilang hakbang sa pagsusulong sa pambansa-demokratikong rebolusyon, at ang sistematikong pagkilos ng Bagong Hukbong Bayan sa buong panahon ng operasyon, mula sa panlipunang pagkaisip hanggang sa kolektibong pagpapalano, disiplina, paglalagom ng karanasan at pagpuna at pagpuna sa sarili.

Para tiyaking makatotohanan at masining ang Tambang!, kinunsulta ng mga kasamang manunulat at dibuhista ang mga ulat tungkol sa tambang sa Bataan at iba pang lugar at nag-interbyu ng ilang Pulang mandirigma na lumahok sa tambang sa Bataan.

Talagang isang pag-unlad sa rebolusyonaryong sining at literatura ang komiks na Tambang! Patunay ito ng mahusay na pagkilos ng mga kasamang masa larangan ng sining at literatura para isalin ang mga buhay na rebolusyonaryong karanasan ng sambayanang Pilipino sa mga pormang pamilyar sa masang manggagawa at magsasaka, tulad ng awit, tula, dagli, ilustrasyon sa mga rebolusyonaryong dyaryo't magasin, poster at komiks.

* * *